`Republic of the Philippines
Department of Education
Region IV-A CALABARZON
Division of Laguna
District of San Pedro
San Pedro Central School
LAS Quarter 2 Week 1-2
Araling Panlipunan- Five

NAME: ______________________________________ DATE: ____________________

SECTION: ______________________________________

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Basahin ang teksto sa ibaba. Tuklasin at ibigay ang mga kasagutan sa bawat kasunod na mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Ang eksplorasyon ng mga Espanyol ay pinangunahan ng nabigador na Portuges na si Ferdinand Magellan. Inilunsad ang ekspedisyon ni Magellan patungong silangan sa ilalim ng bandila ng Espanya noong 1519. Makasaysayan ang paglalayag ni Magellan dahil sa mga sumusunod na dahilan : una , napatunayan ng ekspedisyon na maaaring marating ang Silangan sa paglalayag pakanluran , pangalawa , napatunayan na ang mundo ay bilog , at pangatlo , nagbigay- daan ito sa pagkakatuklas ng maraming lupain , kabilang ang Pilipinas.

Nabigo si Magellan at ang sumunod pang mga ekspedisyon na masakop ang Pilipinas. Datapwat noong 1563 , nagtagumpay si Miguel Lopez de Legaspi na maitatag ang pamahalaan ng Espanya sa bansa. Siya ang hinirang ng Haring Felipe bilang gobernador – heneral upang pamahalaan ang kolonya. Na binigyan ni Ruy Lopez d Villalobos ng pangalang " Las Islas Filipinas " bilang parangal kay Haring Felipe II ng Espanya . Dalawang pangunahing epekto ang naitalang bunga ng pananakop ng mga Espanyol sa bansa . Una , nahikayat sa relihiyong Katoliko Romano ang halos buong bansa. Pangalawa . nabuo sa lipunang Pilipino ang sector ng mga elitistang may-ari ng malalaking lupain na hanggang sa kasalukuyang panahon ay nagtatamasa ng kaginhawahan dulot ng lumang yaman.

LIVEWORKSHEETS

1. Ano ang ibig sabihin ng kolonya ?
2. Sino ang nakarating dito sa Pilipinas
3. Paano siya nakarating sa bansa?
4. Ano ang napatunayan ni Magellan sa kanyang paglalayag ?
5. Nagtagumpay ba si Magellan sa pananakop s Pilipinas?
6. Sino ang nagtagumpay na maitatag ang pamahalaan ng Espanya sa bansa ?
7. Sino si Miguel Lopez de Legaspi ?
8. Ano ang pangalang ibinigay ni Ruy Lopez de Villalobos ?
9. Bakit mahirap para sa isang bansa ang maging kolonya?
10. Kung ikaw ay buhay na ng panahon ng pananakop , kaya mo bang tiisin ang kanilang paraan ng pamamahala ? Bakit ?

LIVEWORKSHEETS